


IKA-LABINGWALONG KONGRESO)
REPUBLIKA NG PILIPINAS)
Ikalawang Regular na Sesyon)



SENADO

Panukalang Batas Blg. 1838

Ipinanukala ni Senador FRANCIS N. PANGILINAN

**ISANG BATAS
NA NAGTATAKDA NG HINDI BABABA SA SIYAM (9) NA YUNIT NG
ASIGNATURANG FILIPINO AT TATLONG (3) YUNIT NG ASIGNATURANG
PANITIKAN SA KURIKULUM NG KOLEHIYO**

PALIWANAG

Itinatakda ng panukalang batas na ito na hindi bababa sa siyam (9) na yunit ng asignaturang Filipino at hindi bababa sa tatlong (3) yunit ng asignaturang Panitikan sa kurikulum ng bawat kolehiyo, unibersidad, at mataas na institusyon ng edukasyon sa Pilipinas.

Ang pagpasa nito ay magsisilbing katuparan sa mandato ng Pamahalaan na nakasaad sa Artikulo XIV, Seksyon 6 ng 1987 Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas na:

“Ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Samantalang nalilining, ito ay dapat payabungin at pagyamanin pa salig sa umiiral na mga wika ng Pilipinas at sa iba pang mga wika. Alinsunod sa mga tadhana ng batas at sang-ayon sa nararapat na maaaring ipasya ng Kongreso, dapat magsagawa ng mga hakbangin ang Pamahalaan upang ibunsod at puspusing itaguyod ang paggamit ng Filipino bilang midyum ng opisyal na komunikasyon at bilang wika ng pagtuturo sa Sistemang pang-edukasyon.”


Makabuluhan na pagyamanin at pagtibayin ang wikang Filipino upang mapahigit ang ating kamalayan sa sariling wika, kultura, at pagkakakilanlan bilang Filipino. Ang pagturo ng Filipino sa bawat antas ng edukasyon ay makapagpapataas ng kasanayan sa paggamit ng pambansang wika sa anumang konteksto, lalo na hinggil sa mga pambansang usapin na nangangailangan ng aksyon at konsensus.

Alinsunod sa Artikulo II, Seksyon 17 ng Konstitusyon, kalakip sa nararapat na bigyan prayoridad ng Estado ang edukasyon at kultura upang linangin ang diwang makabayan at pag-unlad ng lipunan. Dagdag pa rito, mahalagang maitaguyod ang intelektwalisasyon ng wikang pambansa para sa pangkarunungan talakayan at mabisang diseminasyon ng impormasyon para sa mayorya ng mamamayan ng bansa.

Ang patuloy na pag-aaral ng asignaturang Filipino sa kolehiyo ay hindi lamang karagdagang kaalaman para sa mga estudyante mula sa pag-aaral nito sa kanilang Junior at Senior High School kundi pagbubuo ng lahat ng kinakailangang kaalaman sa balarila,


ortograpiya, kontekswalisasyon, kasaysayan, at iba pang mga kalakip sa pag-usbong nang mas komprehensibo, mapagtanggap, at makabuluhang pakikipagtalakayan.

Ang agarang pag-abruba ng panukalang batas na ito ay inaasahan.



FRANCIS N. PANGILINAN

IKA-LABINGWALONG KONGRESO)
REPUBLICA NG PILIPINAS)
Ikalawang Regular na Sesyon)



SENADO

Panukalang Batas Blg. 1838

Ipinanukala ni Senador FRANCIS N. PANGILINAN

ISANG BATAS
NA NAGTATAKDA NG HINDI BABABA SA SIYAM (9) NA YUNIT NG
ASIGNATURANG FILIPINO AT TATLONG (3) YUNIT NG ASIGNATURANG
PANITIKAN SA KURIKULUM NG KOLEHIYO

Isinasabatas ng Senado at ng Mababang Kapulungan ng Kongreso ng Pilipinas na natitipon:

1 **SEKSIYON 1. Maikling Pamagat.** – Ang Batas na ito ay kikilalanin bilang “*Batas sa*
2 *Pagtataguyod ng Wikang Filipino sa mga Asignatura sa Kolehiyo.*”

3 **SEK. 2. Pagpapahayag ng Polisiya.** – Ang wikang Pambansa ng Pilipinas ay
4 Filipino, alinsunod sa 1987 Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas. Alinsunod dito,
5 kailangang magsagawa ang pamahalaan ng mga hakbangin upang linangin, ibunsod, at
6 puspasang itaguyod ang Filipino bilang asignatura sa lahat ng antas ng edukasyon.

7 Kailangan ding magsagawa ng mga hakbangin ang pamahalaan upang ibunsod at
8 puspasang itaguyod ang paggamit ng Filipino bilang midyum ng opisyal na
9 komunikasyon at bilang wika ng pagtuturo sa sistemang pang-edukasyon.

10 **SEK. 3. Takdang Yunit ng Asignaturang Filipino at Panitikan.** Itinatakda ang hindi
11 bababa sa siyam (9) na yunit ng asignaturang Filipino at hindi bababa sa tatlong (3) yunit
12 ng asignaturang Panitikan sa kurikulum ng kolehiyo. Ito ay ituturo para sa lahat ng mag-
13 aaral, anuman ang kurso, sa pampubliko at pribadong kolehiyo, mataas na institusyon
14 ng edukasyon, o unibersidad sa Pilipinas.

15 **SEK. 4. Papel ng mga Ahensya at Institusyon ng Edukasyon.** Pagkapasa ng Batas,
16 agad na magsasagawa ng mga pagsasanay ang mga ahensyang pang-edukasyon, sa

1 pakikipagtulungan ng mga Departamento ng Filipino ng bawat kolehiyo, matataas na
2 institusyon ng edukasyon, at mga unibersidad sa buong bansa upang agarang
3 maipatupad ang pagkakaroon ng mga asignaturang Filipino.

4 **SEK. 5. *Pagsasalin ng Pondo.*** – Magmumula sa taunang pondo ng Komisyon sa
5 Lalong Mataas na Edukasyon (*Commission on Higher Education* o CHED), Komisyon sa
6 Wikang Filipino, at Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining ang badyet na
7 kailangan para sa inisyal na implementasyon ng batas na ito.

8 **SEK. 6. *Mga Tuntunin at Regulasyon sa Pagpapatupad.*** – Sa loob ng tatlumpong
9 (30) araw mula sa araw ng pagkakabisa ng Batas na ito, ang CHED ay magpapatibay ng
10 katumbas na mga karampatang tuntunin at regulasyon para sa mabisang pagpapatupad
11 nito.

12 **SEK. 7. *Sugnay ng Pagkakahiwalay.*** – Sa kung anumang dahilan at ang anumang
13 seksiyon o probisyon ng Batas na ito ay ipahayag na hindi sang-ayon sa konstitusyon o
14 walang bisa, ang ibang mga seksiyon o mga probisyon na hindi naapektuhan mula roon
15 ay mananatiling may ganap na puwersa at bisa.

16 **SEK. 8. *Sugnay na Pambawi.*** – Lahat ng batas, dekreto, kautusang
17 tagapagpaganap, mga tuntunin at regulasyon, at iba pang inilabas o bahagi ng mga iyon
18 na hindi naaayon sa mga probisyon sa Batas na ito ay binabawi rito, binabago, o
19 sinususugan nang naaayon dito.

20 **SEK. 9. *Sugnay ng Pagkakabisa.*** – Ang Batas na ito ay magkakaroon ng bisa sa loob
21 ng labinlimang (15) araw matapos ang kompletong publikasyon nito sa *Official Gazette*
22 o sa dalawa (2) man lamang pahayagang Pambansa na may malawakang sirkulasyon.

Inaprubahan,